VI

SINO ANG UTAK NG̃ HIMAGSIKAN?

Kung hindi si Mabini ay sino ang tunay na utak ng̃ himagsikan?—itatanong marahil ng̃ giliw na bumabasa.

At ang sagot ay naririto: Kung hindi si Emilio Jacinto ay si heneral Emilio Aguinaldo, ng̃uni't hindi maaaring si Apolinario Mabini.

Si heneral Aguinaldo, ang sagot ng̃ maraming naging heneral ng̃ himagsikan na ng̃ayo'y kaanib sa Samahan ng̃ mg̃a Beterano, pagka't siya ang nagtaguyod ng̃ himagsikan mula nang simulan ni Andres Bonifacio ang unang sigaw sa Balintawak hanggang sa masakop tayo ng̃ mg̃a amerikano. Siya rin ang tang̃ing pinuno ng̃ himagsikan na kinikilala at pinagpipitaganan ng̃ mg̃a taga ibang lupain dahil sa pagiging unang Pang̃ulo ng̃ Republika Pilipina.

Si Emilio Jacinto, ang sagot naman ng̃ iba, pagka't siya ang tinatawag ni Andres Bonifacio na "kaluluwa ng̃ himagsikan at mata ng̃ katipunan". Siya rin ang naging masugid na sanggunian ni Andres Bonifacio at may akda ng̃ Kartilya ng̃ Katipunan at ng̃ iba pang batayan at saligan ng̃ *himagsikan.*

"Isa ako sa makapagsasalaysay—ang paliwanag ni heneral Artemio Ricarte Vibora, sa isang liham na ipinadala sa akin na sinulat noong ika-4 ng̃ Agosto, 1928—na si Emilio Jacinto ang *tunay na utak ng̃ himagsikan.* Siya ang Moises ng̃ bayang pilipino."

Sa harap ng̃ mg̃a palagay na iyan na kapuwa may pinagsasaligang matuwid, ay walang tumpak na makahahatol kundi ang bayang matalino na ng̃ayo'y dilat na ang mata at malinaw ang pag-iisip. Ng̃uni't bago natin hatulan ay kila-

Ialanin muna natin kung sino si Don Emilio Aguinaldo at gayon din si Emilio Jacinto. Narito ang sinasabi ni Mabini tungkol kay heneral Aguinaldo:

> "Noong una'y hindi bantog si Kapitang Emilio; ngayo'y itinatangi siya ng lahat ng Nacion ng parang kapantay ng lahat ng mga napabalita sa Mundo". (Sa isang sulat niya na inilathala ko sa Taliba noong ika-21 ng Hulyo, 1928.)

Narito naman ang sinasabi ng pantas na pilipinong Kgg. Rafael Palma, tungkol kay Emilio Jacinto:

> "Hindi mapag-aalinlangan na si Emilio Jacinto ang siyang sinugo ng Diyos upang magbigay diwa at kuro sa ating panghihimagsik na pinaghandugan ni Bonifacio ng lakas ng kaniyang bisig at bilis ng kaniyang sandata. Baga man si Emilio Jacinto ang bata sa dalawa, siya ang parating namatnugot sa piling ni Bonifacio, at naging tagapangaral ng bagong balita na pinagsikapan niyang ipangalat noon sa ating mga mamamayan. Nagkaroon silang dalawa ng pagkakaisang matibay, tapat at walang pagkasira, likha ng pagmamahalan, pagkakabagayan ng ugali, pagiisang alab ng loob at mga pangarap. Kaypala ang Himagsikan ay naging madugong patayan lamang na walang kasaysayan ni kinahinatnan, kung hindi sa kataasan ng isip at walang pagod na pagpapalaganap ng mahalagang aral na ginamit ng mapakumbabang anak ng isang tahimik na "tenedor de libros" na kung tawagin ay Emilio Jacinto". (Sa Paunang Salita niya sa aking akdang BUHAY AT MGA SINULAT NI EMILIO JACINTO).

Ang suliraning ito ay walang alinlangang lilikha ng maiinit na pagtatalo, nguni't pagtatalong pangpatalino at may pakikinabangan ang bayan. Maaari din namang masamain ng iba at ikatuwa ng marami ang pag-ungkat sa bagay na ito, nguni't sa magalit ang iba at sa matuwa ang marami, tayong lahat ay may karapatang kumilala kung sino ang ating mga tunay na bayani. Kailangan nating ibigay ang kani-kaniya. Sinoman sa kanila ay hindi dapat suutan ng sambalilong hindi nauukol sa kanila. Ang tunay na mapaghimala ang dapat isa-dambana upang hindi tayo mapagod sa kadadalangin sa isang "santong" hindi naman tunay na "milagroso".